
| GRADES 1 to 10 DAILY LESSON LOG | School: | Visit DepEdResources.com for More | Grade Level: | II |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | File Created by Ma'am MARIANNE MANALO PUHI | Learning Area: | FILIPINO |
| | Teaching Dates and Time: | AUGUST 12 - 16, 2024 (WEEK 3) | Quarter: | 1ST QUARTER |

| | LUNES | MARTES | MIYERKULES | HUWEBES | BIYERNES |
|---|---|---|---|---|---|
| **LAYUNIN** | | | | | |
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang makilala at mabasa ang mga pamilyar at di-pamilyar na salita | Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan | Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin | Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat | Naipamamalas ang iba't ibang kasanayan upang makilala at mabasa ang mga pamilyar at di-pamilyar na salita<br>Naisasagawa ang mapanuring pagbasa upang mapalawak ang talasalitaan<br>Naipamamalas ang kakayahan at tatas sa pagsasalita at pagpapahayag ng sariling ideya, kaisipan, karanasan at damdamin<br>Nagkakaroon ng papaunlad na kasanayan sa wasto at maayos na pagsulat |
| **Pamantayan sa Pagganap** | **Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon<br>F2TA-0a-j-3** | **Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon<br>F2TA-0a-j-3** | **Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon<br>F2TA-0a-j-2** | **Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas at mekaniks ng pagsulat F2TA-0a-j-4** | Naipahahayag ang ideya/kaisipan/damdamin/reaksyon nang may wastong tono, diin, bilis, antala at intonasyon<br>F2TA-0a-j-2<br>Nababasa ang usapan, tula, talata, kuwento nang may tamang bilis, diin, tono, antala at ekspresyon<br>F2TA-0a-j-3<br>Nakasusulat nang may wastong baybay, bantas at mekaniks ng pagsulat<br>F2TA-0a-j-4 |
| **Mga Kasanayan sa Pagkatuto. Isulat ang code ng bawat kasanayan** | **Nasasabi ang mensaheng nais ipabatid ng nabasang patalastas<br>F2PP-Ia-c-12<br>Natutukoy ang damdaming ipinahihiwatig ng** | **Napagyayaman ang talasalitaan sa pamama gitan ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita<br>F2PT-Ic-e-2.1** | **Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar at mga bagay pambalan<br>F2WG-Ic-e-2** | **Nakagagawa ng paikot pababang ikot<br>F2PU-Ia-1.3<br>Natutukoy ang salitang may maling baybay sa pangungusap** | Nasasabi ang mensaheng nais ipabatid ng nabasang patalastas<br>F2PP-Ia-c-12<br>Napagyayaman ang talasalitaan sa pamama gitan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **usapan/linya mula sa iba't ibang tauhan** | **Natutukoy ang bilang ng mga pantig ng salita<br>Nahahati sa pantig ang mga salita** | **Nakaklasipika ang karaniwang ngalan ng ng tao, bagay, hayop o lugar** | **Nakakasulat ng mga letrang may pailalim at paibabaw na kurba** | ng paghanap ng maikling salitang matatagpuan sa loob ng isang mahabang salita<br>F2PT-Ic-e-2.1<br>Nagagamit nang wasto ang pangngalan sa pagbibigay ng pangalan ng tao, lugar at mga bagay pambalan<br>F2WG-Ic-e-2<br>Nakagagawa ng paikot pababang ikot<br>F2PU-Ia-1.3 |
| **NILALAMAN** | **Aralin 3<br>Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya<br>Damdamin sa Isang Usapan o Pahayag** | **Aralin 3<br>Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya<br>Pagpapantig ng mga Salita** | **Aralin 3<br>Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya<br>Pagkaklasipika ng Ngalan ng Tao, Bagay, Hayop o Lugar** | **Aralin 3<br>Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya<br>Mga Salitang Mali ang Baybay<br>Pagsulat ng mga Letrang may Pailalim at Paibabaw na Kurba** | **Aralin 3<br>Maglibang at Magsaya sa Piling ng Pamilya** |
| **KAGAMITANG PANTURO** | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 | C.G Grade 2 sa Filipino pahina 22-23 |
| **Sanggunian** | | | | | Original File Submitted and Formatted by DepEd Club Member - visit depedclub.com for more |
| **Mga pahina sa Gabay ng Guro** | 16-17 | 17-18 | 18-19 | 19-20 | 20-21 |
| **Mga pahina sa Kagami-tang Pang Mag-aaral** | LM in Filipino Yunit 3 pahina 34-38,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 38-42,soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 42-46 , soft copy | LM in Filipino Yunit 2 pahina 46-49, soft copy | |
| **Mga pahina sa Teksbuk** | | | | | |
| | | | | | |
| **Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | larawan ng iba't ibang pagdiriwang sa bansa at ng mga mukha na nagpapahiwatig ng iba't ibang damdamin | larawan ng lalawigan at ng siyudad | | mga laruan | |
| **Iba pang Kagamitang Panturo** | laptap | laptap | laptap | laptap | |
| **PAMAMARAAN** | | | | | |




| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Balik-aral sa nakaraangaralin at / o pagsisimula ng bagong aralin** | Paunang Pagtataya<br>Sagutan ang “Subukin Natin”sa LM pahina 34<br><br><br>Isulat ang wastong letra sa sagutang papel.<br>1. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng wastong damdamin sa sinasabi?<br>“Bakit kaya hindi dumating si Tatay sa aking kaarawan?”<br><br><br>2. Piliin ang tamang bilang ng pantig sa salitang masaya.<br>A. 1 B. 2 C. 3<br>3. Alin ang tamang pagpapantig sa salitang pasyalan?<br>A. pas-yal-an<br>B. pas-yala-n<br>C. pas-ya-lan<br>4. Alin sa mga salita ang karaniwang ngalan o pambalana?<br>A. mag-aaral<br>B. Armando Reyes<br>C. Ilog Pasig<br>5. Alin sa mga salita ang may maling baybay?<br>A. dekorasiyon<br>B. decoration<br>C. dikorasyon | Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G pahina 17<br>**Tukoy-alam**<br>Ano-ano ang makikita sa karagatan?<br>Sabihin ang ngalan kasabay ng pagpalakpak upang maipakita ng bilang at<br>paraan ng pagpapantig ng salitang sagot.<br>Paglalahad<br>Ipakita ang larawan ng isang lalawigan at ng isang siyudad.<br>Paghambingin ang dalawang lugar sa tulong ng Venn Diagram.<br>Pagpapayaman ng Talasalitaan<br>Talakayin sa iba’t ibang kaparaanan ang mga salita bago bumasa. | Ipagawa ang Tukoy Alam sa T.G pahina 19<br>**Tukoy-alam**<br>Suriin at ipangkat ang mga salita.<br>kaibigan kalaro damit<br>pinsan paaralan simbahan<br>larawan kabayo | Ipagawa ang Tukoy-alam sa TG pahina 20<br>**Tukoy-alam**<br>Ano ang mali sa sumusunod na salita? Paano ito isusulat nang tama?<br>1. aparador<br>2. platto<br>3. tindahan<br>4. bumberoh<br>5. mannsanas | **Panimulang Gawain**<br>1. Ihanda ang mga bata sa gagawing pagtataya.<br>2. Basahin at ipaliwanag ang mga panuto sa mga mag-aaral<br>**Gawaing Pagtataya**<br>A. Tukuyin ang damdaming nananaig sa sumusunod na pahayag.<br>Piliin ang letra ng wastong sagot.<br>a. nagagalit<br>b. nag-aalala<br>c. natutuwa<br>d. nagpapasalamat<br>e. natatakot<br>f. nakikiusap<br>g. nanunukso<br>1. Nanay! Salamat po sa regalong inyong ibinigay para sa aking<br>kaarawan.<br>2. Ano! Hindi ka na naman pumasok sa eskuwela?<br>3. Bakit na naman?<br>4. May bagyo raw na paparating baka bumaha na naman.<br>5. Yipee, matutuloy kami sa Boracay sa isang linggo.<br>6. Tulong! Tulong! Nabangga ang apo ko, tulungan ninyo ako!<br><br>B. Isulat nang papantig ang sumusunod na mga pangngalan.<br>7. lalawigan<br>8. halaman<br>9. polo<br>10. mamimili<br>11. bunso |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | 12. Alin ang tamang pagpapantig ng salitang pagtitipon?<br>a. pagti-ti-pon<br>b. pag-ti-ti-pon<br>c. pagtiti-pon<br>13. Alin ang tamang pagpapantig ng salitang laruan?<br>a. la-ru-an<br>b . la-ruan<br>c. lar-u-an<br>14. Ilang pantig mayroon ang salitang alimango?<br>a. 1 b. 3 c. 4<br>15. Ilang pantig mayroon ang salitang manika?<br>a. 1 b. 2 c. 3<br>16. Alin ang ngalan ng tao?<br>a. bayan<br>b. pulis<br>c. tahana<br>17. Alin ang ngalan ng bagay?<br>a. Bubuyog<br>b. kalsada<br>c. sasakyan |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Paghahabi sa layunin ng aralin** | **Tukoy-alam**<br>Ano ang nararamdaman mo ngayon? Iguhit ito.<br>Hayaang sabihin ng mga bata ang dahilan ng kanilang nararamdaman.<br>**Paglalahad**<br>Ano ang pagdiriwang na nadaluhan o nasaksihan na?<br>Pagbabahagi ng mga bata ng karanasan sa nabanggit na pagdiriwang.<br>Ano ang naramdaman mo sa dinaluhang pagdiriwang? | **Paglalahad**<br>Ipakita ang larawan ng isang lalawigan at ng isang siyudad.<br>Paghambingin ang dalawang lugar sa tulong ng Venn Diagram.<br>Pagpapayaman ng **Talasalitaan**<br>Talakayin sa iba't ibang kaparaanan ang mga salita bago bumasa.<br>sagana (larawan ng maraming isda)<br>baybaying dagat (larawan)<br>bakawan-(pangungusap)<br>Itinanim ang bakawan malapit sa baybayin. Ito ay nagsisilbing pananggalang sa malalaking alon. Tirahan din ito ng mga yamang tubig.<br>caramelado- isang uri ng kendi mula sa gatas ng kalabaw<br>Ano ang ibig sabihin ng sagana? Baybaying-dagat? Bakawan? Caramelado?<br>Ipagamit ang mga ito sa sariling pangungusap. | **Paglalahad**<br>Ano-ano ang pinamili ni nanay sa palengke?<br>Itala ang mga isasagot ng mga bata.<br>Ipabasa ang mga ito. | **Paglalahad**<br>Bigyan ang mga bata ng pagkakataon na maglaro. Kung wala namang<br>kagamitan, maaaring magpagawa na lamang ng isang gawain na nangangailangan ng kagamitan.<br>Patigilin ang mga bata sa ginagawa. Pabalikin na sa sariling upuan.<br>Tingnan kung ano ang ginawa nila sa mga ginamit. Papurihan ang nag-ayos<br>ng sariling gamit.<br>Ano ang dapat gawin matapos ang isang gawain? | 18. Ang ilog ay karaniwang pangngalan ng ______.<br>a. bagay<br>b. hayop<br>c. tao<br>19. Sipiin ang salita sa pangungusap na may maling baybay.<br>Nagbakasyon ang mag-anak sa lalawigan ng Qkuezon.<br>20. Sumulat ng isang letrang may pailalim na kurba |
| **Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | Basahin sa pahina 36 sa LM<br>Basahin ang sagutang liham ng magpinsang<br>Mary Ann at Nilo. | <br>sa pahina 39 - sa LM **"."**<br>Basahin ang kuwento tungkol sa pamilya De los Reyes sa "Basahin Natin"<br>sa LM, pahina 39. |  sa pahina 42<br>Basahin ang diyalogo sa "Basahin Natin", pahina 42 ng LM.<br>Tagpo: Sa palengke. Namimili sina Mang Andoy at Aling Precy ng regalo para sa kaarawan ni Mona.<br>Mang Andoy: Huwag mong kalimutan ang<br>paboritong laruan ng bunso mo baka magtampo na naman iyon.<br>Aling Precy : Ay, naku, una sa listahan ang<br>manika niyang si Mona. Ewan ko nga ba kung bakit nahilig sa |  sa<br>pahina 46 sa LM<br>Mahilig maglaro ang batang si Vina sa kanilang bakuran. Marami siyang laruan tulad ng manika, lutu-lutuan, puzzle, laruang computer, at iba't ibang hugis na gawa sa kahoy. Pinapahalagahan niya ang lahat ng kaniyang gamit. Binabalik niya ang mga ito sa kabinet nang malinis at maayos pagkatapos laruin. Isa siyang masinop na bata kaya naman | |


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Brgy. Dawis, Gasan,<br>Marinduque<br>Mayo 10, 2012<br><br>Mahal kong Mary Ann,<br><br>Kumusta na kayo nina Ninang Cynthia at Ninong Christopher? Nabagot kami sa kahihintay sa inyo noong Mahal na Araw. Bakit hindi kayo nakarating? Naghanda pa naman si Nanay ng paborito mong **leche flan** at halayang ube. May ipauuwi rin sana kaming masarap na suman sa inyo. Ano nga ba ang nangyari at hindi kayo nakarating?<br><br>Hindi ninyo tuloy napanood ang pagdiriwang ng Moriones. Sana nakita ninyo si Longhino. Siya ang sundalong nanakit sa Poong Hesus nang ito'y mapako sa krus.<br><br>Ibinili pa naman kita ng maskara. Sa pagpunta na lang ninyo rito ko ibibigay sa iyo. Salamat sa ipinadala mong kard noong kaarawan ko. Sulatan mo ako agad, ha.<br><br>Nagmamahal,<br>Nilo<br><br>Talipapa, Novaliches<br>Lungsod ng Quezon<br>Hunyo 20, 2012<br><br>Mahal kong pinsang Nilo,<br><br>Nanghihinayang ako at hindi kami nakarating sa inyo. May mahalagang nilakad sina Nanay at Tatay. Pero alam mo ba, pinsan, nagpunta kami sa Lukban, Quezon noong Mayo 15. Nakita ko ang makukulay na mga bahay na nagagayakan ng mga kiping. Yari sa bigas ang mga ito na may iba't ibang kulay. May iba't ibang hugis din ang mga ito na nagsisilbing palamuti ng mga tahanan, kasama ang iba't ibang produktong dito ginawa o kanilang | <br>Ang pamilya de los Reyes ay naninirahan<br>sa Masbate. Malapit sa baybay dagat ang kanilang tirahan, kaya't sagana sila sa yamang dagat.<br>Marami ang mga puno ng bakawan sa baybayin.<br>Dito madalas pumunta ang magkapatid na Zeny at Zoren.<br>Nanghuhuli sila ng mga isda at alimango. Paborito kasi ang mga ito ng kanilang mga magulang na sina Aling Mila at Mang Albert.<br>Kapag walang pasok sa eskuwela, nakaugalian na ng magkakapatid na magmasid ng mga ibong nagliliparan. Naghahabulan sila sa baybaying may puting buhangin.<br>Kung minsan pati kanilang kaibigan ay nakikipagpiknik sa kanilang lugar.<br>Ang lolo at lola nina Zeny at Zoren ay nakatira<br>naman sa malawak na lupain sa Masbate.<br>Ang kalahati nito ay natatamnan ng mga puno<br>ng niyog na pinagkakakitaan ng kanilang lolo<br>at lola ng kabuhayan.<br>Kapag pumupunta ang magkapatid kina Lolo Bindoy at Lola Genia, ipinaghahanda<br>sila nito ng sinampalukang manok.<br>Minsan naman, sila ay ipinagluluto ng bulalo. | pagkolekta ng mamahaling manika ang bunso mo. Bibilhan ko<br>Natutukoy ang bilang ng pantig ng salita sa pagpapantig. Ang pagpapantig ay wastong paghahati o paghihiwalay ng mga pantig ng salita. Nakatutulong ang pagpapantig sa tamang pagbigkas at pagbaybay ng mga salita.<br>rin siya ng stuff toys na pusa at daga.<br>Mang Andoy: Bayaan mo na.<br>Tuwing kaarawan<br>lang naman niya nadadagdagan ang kaniyang koleksiyong manika.<br>Ano naman ang bibilhin mo kay Andy?<br>Aling Precy : Pantalong Jack Empoy at t-shirt.<br>Maliliit na kasi ang mga polo at pantalon niya.<br>Mang Andoy: Magmadali ka sa pagpili. Marami ng tao dito sa palengke. Mahihirapan na tayong umuwi. Dadaan pa tayo sa simbahan. | tuwang-tuwa ang kaniyang mga magulang | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | inaani.<br>Alam mo pinsan, ang sasarap ng mga kakanin doon. Sana matikman mo rin. Ikumusta mo na lamang ako kina Tita Weng at Tito Willie.<br>Nagmamahal,<br>Mary Ann | Sa kanilang pag-uwi,<br>pinababaunan pa sila<br>ng karamelado na gawa sa gatas ng kalabaw<br>na gustong-gusto ng magkapatid. | | | |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | Talakayin ang kuwento.<br>Pasagutan ang Sagutin Natin sa LM pahina<br>**Sagutin Natin**<br>Sagutin ang mga katanungan kaugnay ng binasang mga liham.<br>1. Sino ang magpinsan sa kuwento?<br>2. Bakit sumulat si Nilo kay Mary Ann?<br>3. Ano ang ipinagdiriwang sa Marinduque?<br>4. Ano ang atraksiyon ng Lukban, Quezon?<br>5. Magbigay ng mga katangian nina Mary Ann at Nilo.<br>6. Kung ikaw si Nilo, ano ang magiging damdamin mo dahil hindi nakarating ang iyong inaantay? | **Sagutin Natin**<br>sa pahina 40 sa LM<br>1.Bakit sagana sa yamang dagat ang pamilya<br>de los Reyes?<br>2. Ano-ano ang yamang dagat na makikita rito?<br>3. Ano-ano ang maaaring gawin sa baybaying dagat?<br>4. Paano pinalilipas ng magkapatid ang oras<br>kapag walang pasok?<br>5. Ikaw, ano ang iyong ginagawa kapag walang pasok?<br>6. Anong damdamin ang ipinahihiwatig sa kuwentong binasa? | **Sagutin Natin**<br>pahina 43 sa LM,<br>1.Anong pagdiriwang ang pinaghahandaan<br>ng mag-asawang Andoy at Aling Precy?<br>2. Ano-ano ang balak nilang bilhin para kay<br>Mona? Kay Andy?<br>3. Ano ang mararamdaman mo kung bibigyan ka ng regalo?<br>4. Kung ikaw ang magbibigay ng regalo, anong regalo ang iyong ibibigay?<br>5. Paano ipinakita ng mag-asawa ang kanilang<br>pagmamahal sa mga anak?<br>6. Magbigay ng mga pangngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar mula sa kuwento. | **Sagutin Natin**<br>Pahina 46 sa LM<br>1. Sino ang batang mahilig maglaro?<br>2. Ano-ano ang kaniyang mga laruan?<br>3. Paano niya binibigyang halaga ang kaniyang mga laruan?<br>4. Ano ang katangian ng batang si Vina?<br>5. Kung ikaw ay may laruan, paano mo ito iingatan? | |
| **Pagtalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | **Pahalagahan Natin**<br>Maraming pagdiriwang ang isinasagawa sa<br>ating bansa. Nakatutulong ang mga ito sa pagpa-panatili ng ating kulturang Pilipino. Nakapagpapatibay rin ang mga ito ng | **Pahalagahan Natin**<br>Mahalaga ang oras. Dapat gamitin natin<br>ito nang kapaki-pakinabang.<br>Maglaan ng oras para sa pamilya.<br>Maglibang at magsaya kasama ng mga mahal sa buhay. | **Pahalagahan Natin**<br>Iguhit sa malinis na papel kung paano mo ipinapakita ang iyong pasasalamat sa iyong mga magulang sa pagmamahal na kanilang ibinibigay. | **Pahalagahan Natin**<br>Sabihin ang OO kung tama ang ipinahahayqg<br>at HINDI naman kung hindi.<br>Hintayin ang hudyat ng guro.<br>1. Ilalagay ko sa tamang lalagyan ang mga laruan<br>pagkatapos kong gamitin. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>pagsasamahan at<br>pag-uunawaan ng marami.</td>
<td></td>
<td></td>
<td>2. Paglalaruan ko ang aking laruan hanggang<br>sa masira.<br>3. Iiwanan ko sa bakuran ang aking mga laruan.<br>4. Lilinisin ko ang aking mga laruan bago at<br>pagkatapos maglaro.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Paglinang sa kabihasaan<br>( Leads to Formative<br>Assessment )</td>
<td>Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 37<br><br>Piliin sa loob ng kahon ang damdaming ipinapahiwatig ng pahayag. Isulat sa sagutang papel.<br><br>1. “Bakit mo iniwan ang nakasalang na sinaing? Nasunog tuloy.”<br>2. “Yehey! Mataas ang nakuha ko sa pagsubok.”<br>3. “Pasensiya na po. Narumihan ko ang inyong sapatos.”<br>4. “Bakit ang tagal-tagal nila? Kanina pa ako rito.”<br>5. “Ilang ulit ko nang sinasabi sa iyo na bawal dito<br>ang aso.”</td>
<td>Isagawa ang Gawin Natin sa LM sa pahina 41<br>Kopyahin ang tsart sa kuwaderno. Pantigin ang sumusunod na salita mula sa kuwentong binasa.<br>
<table>
<tr><th>Salita</th><th>Pagpapantig</th><th>Bilang ng mga pantig</th></tr>
<tr><td>eskuwela</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>kalahati</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>manok</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>niyog</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>pinaghahanda</td><td></td><td></td></tr>
</table></td>
<td>Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina 44<br>Punuin ang tsart ng mga salita mula sa talaan ng mga karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o lugar.<br>
<table>
<tr><th>Tao</th><th>Bagay</th><th>Hayop</th><th>Pook o Lugar</th></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td></tr>
</table>
baka<br>bundok<br>jacket<br>kaibigan<br>kambing<br>magulang<br>ospital<br>pambura<br>pamimili<br>plasa<br>plato<br>radyo</td>
<td>Ipagawa ang Gawin Natin sa LM, pahina 47<br><br>Basahin ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang mga salitang may maling<br>baybay.<br>1. Pumunta ang mag-anak sa parkiy.<br>2. Kumain sila ng maiis, pritong manok, at leche flan.<br>3. Nilagyan ng tatay ng palaman ang tinanapay.<br>4. Namili sila ng makukulay na zenelas bago umuwi.<br>5. Sumakay ang mag-anak sa buss.</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>G.Paglalapat ng aralin sa pang araw-araw na buhay</td>
<td>Pangkatin ang mga bata. Ipagawa ang Sanayin Natin sa LM pahina 38<br><br><br>Ibigay ang damdaming ipinahihiwatig ng linyang nasa ibaba.<br>“Maligayang kaarawan, Inay. Masaya po kami dahil narating</td>
<td>Pangkatin ang mga bata. Ipagawa ang Sanayin Natin sa LM pahina 41<br><br>
<table>
<tr><td>alaga</td><td>almusal</td><td>mag-anak</td><td>tumutulong</td></tr>
<tr><td>maaga</td><td>tubig</td><td>dinidilig</td><td>kasambahay</td></tr>
</table>
Gawin ang sumusunod na gawain.</td>
<td>Sanayin Natin sa LM sa pahina 45<br><br>Pangkatin ang mga karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, at lugar. Ilagay sa tamang supot.<br></td>
<td>Sanayin Natin sa LM sa pahina 48<br><br><br>Hanapin at iwasto ang salitang may maling baybay sa pangungusap.<br>1. Ang aking goruo ay si Gng. Melany B. Ola.<br>2. Binigyan kami ng kapitbahay ng tsokoulati.</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | pa ninyo ang ika-animnapu't limang kaarawan."<br>Pangkat 1 - Iguhit Pangkat 3 - Sabihin<br>Pangkat 2 - Isakilos | Unang Pangkat – Isulat nang papantig ang mga salitang nasa loob ng kahon.<br>Ikalawang Pangkat – Ipalakpak ang mga<br>salitang pinantig ng unang pangkat.<br>Ikatlong Pangkat – Sabihin ang bilang ng pantig<br>ayon sa pagpalakpak na ginawa ng unang pangkat.<br>Ikaapat na Pangkat – Bigkasin ang mga salitang nasa loob ng kahon. | <br>bahay<br>guwardiya<br>kuwarto<br>papel<br>tinidor<br>bato<br>kalabaw<br>lungsod<br>pinsan<br>tiyo<br>dagat<br>kotse<br>paaralan<br>sabon<br>tsinelas<br>kumot<br>gagamba<br>paso<br>sapa<br>unggoy | 3. Nagtakbuhan ang mga bata sa pallaroan.<br>4. Isang suprresa ang pagdating ng ama.<br>5. Matamis ang hinog na manga na binigay ni Lola Ason. | |
| **H.Paglalahat ng Aralin** | Ipabasa ang Tandaan Natin sa pahina 38<br><br>Ano ang natutunan mo sa aralin?<br>May iba't ibang damdaming nadarama katulad ng natutuwa, nagagalit, nayayamot, naiiyak, nalulungkot, nasisiyahan, at iba pa. Mahalagang alamin ang iba't ibang damdamin. | Basahin ang Ating Tandaan pahina 42 sa LM <br>Paano natin papantigin ang isang salita?<br>Natutukoy ang bilang ng pantig ng salita sa pagpapantig. Ang pagpapantig ay wastong paghahati o paghihiwalay ng mga pantig ng salita. Nakatutulong ang pagpapantig sa tamang pagbigkas at pagbaybay ng mga salita. | Basahin ang Ating Tandaan pahina 45<br><br>Ano ang natutunan mo sa aralin?<br>Ang karaniwang ngalan ay naayon sa kategoryang tao, bagay, hayop, pook o lugar. | Basahin ang Ating Tandaan pahina 48<br><br>Ano ang natutunan mo sa aralin?<br>Mga pamamaraan sa pagtukoy ng maling baybay sa pangungusap.<br>1. Basahing mabuti ang pangungusap.<br>2. Tingnang mabuti ang mga salita dito.<br>3. Suriin ang mga letrang bumubuo sa bawat salita upang makita ang pagkakamali.<br>4. Iwasto ang salitang mali ang baybay at basahing muli ang pangungusap. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Pagtataya ng Aralin** | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 38<br><br><br>Tukuyin ang damdaming ipinahihiwatig<br>ng bawat linya. Piliin ang letra ng wastong sagot. Isulat sa sagutang papel.<br><br><br>1. "Ang dami! Ayoko na."<br>2. "Ang tataas ng mga marka ko. Tiyak matutuwa si Nanay."<br>3. "Naku! Walang ilaw. Ang dilim ng paligid."<br>4. "Hu! hu! hu! Ang sakit ng ngipin ko."<br>5. " Bakit kaya hindi ako isinama ni Ate sa parke?" | Pasagutan ang **Linangin Natin** sa LM pahina 42<br><br><br>Pantigin ang sumusunod at isulat ang bilang ng pantig sa dulo mga salita. Isulat sa kuwaderno.<br>1. kapaligiran<br>2. paaralan<br>3. pasalubungan<br>4. tahanan<br>5. tandaan | Pasagutan ang Linangin Natin sa LM pahina 45<br><br><br>Isulat ang tsek (√) kung ang pangkat ng mga salita ay karaniwang pangngalan at ekis (x) naman kung hindi.<br>1. ama ina anak<br>2. pusa kalabaw Muning<br>3. palengke simbahan palaruan<br>4. lapis Mongol ruler<br>5. guro pulis Bb. de Leon | Pasagutan ang **Linangin Natin** sa LM pahina 49<br><br><br>Piliin ang salitang may maling baybay sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.<br>1. Marami akong natanggap reigalo noong nakaraang Pasko.<br>2. Uminom ng maraming tubbigg upang maiwasan ang sakit.<br>3. Pumunta sa siembahan sina Lolo at Lola.<br>4. Malaowak ang aming sa lupain sa Masbate.<br>5. Malamig ang sourbetes na kinain namin.<br><br><br>Ipakita sa mga bata kung paano isulat ang U,V,Q,X. (Isa-isang letra muna)<br>Bilangan habang ginagawa ito upang mas masundan ng mga bata.<br>Ipasulat ito sa hangin/ sa palad/sa likod ng kaklase<br>Ipabakat ito sa pisara.<br>Pasulatin nito ang mga bata sa sulatang papel.<br>Gawin muli ang mga hakbang gamit naman ang ibang letra<br>A.Isulat ang mga letrang may pailalim na kurba. Sundan ang modelo sa ibaba. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | |  | |
| **Karagdagang Gawain para sa takdang- aralin at remediation** | Iguhit sa kuwaderno ang nakita mong damdamin ni nanay o tatay nang dumating ka sa inyong bahay. | Isulat ang mga pagdiriwang sa sariling pamayanan.<br>Pantigin ang sagot. | Gumupit ng larawan ng iba't ibang pangngalan.<br>Idikit ang mga ito ayon sa klasipikasyon. | | |
| **MGA TALA** | | | | | |
| **PAGNINILAY** | | | | | |
| **Bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya** | | | | | |
| **Bilang ng mag-aara na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation** | | | | | |
| **Nakatulong ba remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin.** | | | | | |
| **Bilang ng mag-aaral na magpapatuloy sa remediation.** | | | | | |
| **Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos ?Paano ito nakatulong?<br>Anong suliranin ang aking naranasan<br>na solusyon sa tulong ng aking punong guro at suberbisor?** | | | | | |
| **Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?** | | | | | |